**St. Peregrine Institute**
#144 Evangelista St. Banalo, Bacoor City
Learn. Live. Lead

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa sumusunod na pangungusap. Pumili ng sagot sa ibaba at ilagay ito sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Age of Enlightenment | Merkantilismo | Malayang Kalakalan |
| Gomburza | Sekularisasyon | Suez Canal |
| Ilustrado | Gitnang uri | 1872 Cavite Mutiny |
| Carlos Maria dela Torre | | |

1. Isang kaisipang pang-ekonomiko na nagsasaad na ang sukatan ng kapangyarihan at kayamanan ng bansa ay ang dami ng ginto na nalilikom nito.

2. Pinakaliberal na gobernador-heneral na ipinadala ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas noong 1869.

3. Ang pag-alis ng mga restriksiyon sa kalakalan at kalaunang pagkakaroon ng liberalisasyon sa pakikipagkalakalan.

4. Pagtatalaga sa parokya ng mga paring hindi kabilang sa anomang ordeng panrelihiyon.

5. Tawag sa mga Pilipinong nakapag-aral sa Europe at natuto ng mga liberal na idea..

6. Ang pagbubukas nito noong 1869 ang nagpaikli sa panahon ng paglalakbay sa pagitan ng Spain at Pilipinas.

7. bItinawag sa pangkat ng lipunan sa Pilipinas na binubuo ng mga mestisong Espanyol o Tsino na umusbong dulot ng mga pagbabago sa ekonomiya.

8. Isang pangyayaring nilahukan ng mga nag-alsang manggagawa dahilan sa pag-alis ng kanilang mga pribilehiyo na hindi pagbabayad ng buwis at hindi paglahok sa polo y servicio.

9. Ang pangyayaring ito sa Europe ang nagbigay-wakas sa kaisipan at paniniwala na may pagkiling sa mga pamahiin, kawalan ng katuwiran at bulag na pananampalatayang namayani noong Gitnang panahon.

10. Tinaguriang mga paring martir na nahatulan ng kamatayan sa hindi namang napatunayang pagkakasala.



LIVEWORKSHEETS